# Tagalog

## Pagtanggi sa Pagsusuri

Sa estado ng Washington, kinakailangan ang pagsailalim sa newborn screening (pagsusuri sa bagong panganak na sanggol) upang matuklasan ang mga seryosong karamdaman mula kapanganakan (congenital disorders). **Maaari lamang tumanggi ang mga magulang o tagapag-alaga kung taliwas ito sa relihiyon o paniniwala, ayon sa RCW 70.83.020.**

Ako ang magulang o tagapag-alaga ng sanggol na pinangalanan sa ibaba. Napayuhan na ako tungkol sa kahalagahan ng Newborn Screening at nakatanggap na ako ng babasahin tungkol dito. Nasagot naman nang maayos ang aking mga tanong.

Nauunawaan ko na:

- Ang mga karamdamang maaaring matuklasan sa newborn screening ay maaaring maging sanhi ng mga kondisyong nagbabanta sa buhay, mga seryosong medikal na kondisyon, pisikal o mental na kapansanan, o maging kamatayan.
- Mahalaga ang pagpapasuri sa loob ng 48 oras pagkatapos ng kapanganakan dahil karaniwang mukhang malusog ang mga sanggol na may mga ganitong karamdaman, at maaaring maging sanhi ang mga kondisyon na ito ng malubha at permanenteng problema sa kalusugan bago pa matuklasan ang anumang sintomas.
- Ang pagtanggi sa pagpapasuri sa aking bagong panganak na sanggol ay maaaring maging dahilan ng pagkaantala ng paggamot kung siya ay may sakit o kondisyon na maaaring matuklasan sa pagsusuri.

Dahil sa aking mga paniniwalang panrelihiyon, tumatanggi akong ipasailalim sa mga pagsusuri ang aking bagong panganak na sanggol at tatanggapin ko ang lahat ng responsibilidad na kahihinatnan ng aking desisyon.

**Inaalisan ko ng obligasyon ang Washington State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington), ang pasilidad ng kapanganakan, at ang taong may tungkulin na kolektahin ang sample para sa newborn screening, mula sa anumang pananagutan sa pinsala, sakit, o medikal na kondisyon ng aking anak, o maging sa pagkamatay ng aking anak, na maaaring maging resulta ng karamdaman na natutuklasan ng kumprehensibong panel ng pagsusuri ng newborn screening, na aking tinatanggihan sa panahong ito.**

Napayuhan na ako sa mga benepisyo ng newborn screening at naiintindihan ko ang mga maaaring panganib sa aking anak dahil sa hindi niya pagsailalim dito. Gayunpaman, tumatanggi ako sa pagkuha ng dugo mula sa aking anak para sa newborn screening dahil sumasalungat ang mga pagsusuring ito sa aking mga paniniwalang panrelihiyon.

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Anak | Pangalan ng Ina |
| Nilagdaan<br>Magulang o Tagapag-alaga | Petsa |